



SPRING NEWSLETTER 2020 - VOLUME 4 - SPECIAL EDITION

Supporting Immigrant Communities Amid COVID-19 Crisis

Ang San Francisco at Oakland ay nananatili bilang isa sa mga pinakamahal na lungsod sa bansa sa usaping tungkol sa halaga ng pagkakaroon ng matitirahan.

Ang parehong mga lungsod ay nanatili sa gitna ng krisis sa pabahay: ang pangangailangan para sa pabahay ay lubos na nakahihigit kaysa sa matitirahang bahay. Lalong pinalala ng pandemya ng COVID-19 ang mga epekto ng krisis, dahil ang kinahihinatnan ng pag-papaalis sa mga bahay ay lalong dumarami. Ang lahat ng mga miyembro ng komunidad ay nakakaranas ng kahirapan sa pananalapi, at isang hindi tiyak na hinaharap, lalo na ang mga pinaka-mahina na miyembro ng lipunan at mga pamilya na hindi makasunod sa kautusang manatili sa kanya-kanyang tahanan. Ang kakayahang makapanatili sa isang ligtas na pabahay ay nagiging isang malaking hamon sa panahon ng pandemya.



ALAMIN ANG IBA'T-IBANG MGA PROTEKSYON PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN SA MGA SUSUNOD NA PAHINA:

- **Moratorium sa Pag-papalayas sa iyang tirahan**
- **Pansamantalang suspensyon ng pagababayad ng renta**
- **Proteksyon laban sa pag-remata ng bahay ng mga may-ari ng bahay sa ilalim ng panuntunan ng estado ng California at gobyernong Pederal.**

Ang APILO ay narito upang tulungan ang mga nangungupahan at may-ari ng bahay na nanganganib na maramata ang kanilang mga bahay sa panahon ng COVID-19 Pandemic.

KARAPATAN NG MGA NANGUNGUPAHAN SA PANAHON NG COVID-19

Hinihikayat ang mga nangungupahan na makipag-ugnayan sa API Legal Outreach

para sa detalyadong payo sa kanilang partikular na sitwasyon dahil may mga espesyal na proteksyon na itinakda sa panahon ng COVID-19 emergency.

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kaagad kung:

- **Iyong nararamdaman na mapaalis sa iyong tahanan;**
- **Sinabihan ka ng may-ari ng bahay na pumirma ng anumang mga dokumento; at / o**
- **Tumanggap ka ng anumang mga dokumento na may kaugnayan sa iyong pabahay.**

**MGA PROTEKSYON
PARA SA MGA
RESIDENTE NG
SAN FRANCISCO:**

**MORATORIUM SA PAG-PAPALAYAS
SA IYONG TIRAHAN**

- Ipinagbawal ang mga pagpapalayas sa mga nangungupahan, sa loob ng dalawang buwan pagkatapos matapos ang kasalukuyang **kautusang inilabas ng Alkalde sa Mayo 22, 2020**, maliban sa mga kaso na may kinalaman sa karahasan (o pagbabanta ng karahasan) at / o kalusugan at kaligtasan.

ANG MGA OBLIGASYON SA PAGBABAYAD NG UPANG SA SAN FRANCISCO AY MAAARING PANSAMANTALANG SUSPINDIHIN ALINSUNOD SA MGA PATNUBAY NA ITO:

- Bigyan ng paunawa ang kawalan ng kakayahan na magbayad ng upa sa kanilang panginoong maylupa sa loob ng 30 araw bago ang upa ay dapat bayaran para sa bawat buwan ang nangungupahan ay hindi makabayad ng upa;
- **Magbigay ng kasulatan na nagpapatunay ng epekto sa pananalapi sa loob ng isang linggo ng unang paunawa ng nangungupahan sa may-ari ng lupa** (isang sulat na nagdedetalye ng aktwal na epekto ng pandemya sa kakayahan ng nangungupahan ng magbayad ng upa ay sapat na); at
- **Gumawa ng isang plano kung saan iyong buong kayang gagawing mabayaran ang mga renta na hindi nabayaran sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng Hulyo 22, 2020.**

**PROTEKSYON LABAN
SA PAG REMATA NG BAHAY
NG MGA MAY-ARI NG BAHAY
SA ILALIM NG CALIFORNIA
AT PEDERAL NA
PANUNTUNAN:**

- Sa ilalim ng batas ng **California**, **ang mga pag-reremata ng bahay ay suspendido hanggang Mayo 31, 2020**. Sa Mga Korte ng California, mayroong panuntunan na sinususpende ang *Judicial Foreclosure* sa loob ng 90 araw matapos ipahayag ng Gobernador ng California na hinihinto na ang panuntunan na manitili sa tahanan ang mga tao dahil sa pandemya na dulot ng COVID-19.
- Sa ilalim ng batas ng **Pederal**, **ang CARES Act ay nagbibigay ng kaluwagan mula sa pagka remata ng bahay**. Ang mga may-ari ng bahay na nakahiram ng pera upang makabili ng bahay na pinondohan ng Pederal na gobyerno at matinding naapektuhan ng COVID-19 ay maaaring humiling (sa pamamagitan ng wasto at napapanahong pagsulat) **sa kanilang tagapagpautang na bigyan kayo ng hanggang sa 180 araw na palugit, at pagkatapos ay isang karagdagang palugit hanggang na 180 araw.**

**MGA PROTEKSYON
PARA SA MGA
RESIDENTE NG
OAKLAND:**

**MORATORIUM SA PAG-PAPALAYAS
SA IYONG TIRAHAN**

- Ang mga Superbisor ng Alameda ay nagsagawa ng isang panuntunan na ihinto ang lahat pagpapalayas sa kadahilanang hindi pagbabayad ng renta, eto ay epektibo sa loob ng buong probinsya- maliban sa mga tungkol sa kalusugan at kaligtasan. **Eto ay magiging epektibo hanggang sa 30 araw matapos ang panuntunan ng pamahalaan.**
- Ipinagbabawal ng moratorium ang mga panginoong maylupa na pagmultahin ang mga nangungupahan sa kanila dahil sa hindi napapanahong pagbabayad ng renta at nililimitahan ang pagtaas ng upa na hindi lalampas sa 3.5%.
- Ang isang may-ari ng bahay ay hindi maaaring palayasin ang isang nangungupahan dahil sa kabiguan na magbayad ng upa kung ang dahilan sa hindi pagbabayad ay ang pagkawala ng ikabubuhay o pagtaas ng mga gastusin na resulta ng COVID-19. Gayunpaman, **ang upa na hindi pa nababayaran ay dapat pa ring bayaran.**

**#CANCELDEBT:
PAKIKISAMA SA
KOMUNIDAD**



May mga organisasyon na nagsusulong na patawarin ang mga pagkakautang (**#canceldebt**), kung saan humihingi ang mga ito nang anumang kaluwagan sa mga pagbabayad ng bahay, kaluwagan para sa mga nangungupahan, pagsuspindi ng lahat pagputol sa serbisyo ng kuryente at tubig at muling ibalik ang serbisyo para sa mga nawalan ng serbisyo ng kuryente at tubig, **at pagtigil sa lahat ng pagpapaalis sa mga walang tirahan sa kanilang tinutulugan at bigyan sila ng maayos at ligtas na matutuluyan.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ligal at serbisyong panlipunan ng APILO para sa mga nangungupahan na nanganganib na mapalayas sa kanilang tinitirahan o mga may-ari ng bahay na nanganganib na maramata ang kanilang bahay, mangyaring bisitahin ang aming website (**www.apilegaloutreach.org**) o tumawag sa aming tanggapan sa **(415) 567-6255** at **(510) 251-2846** para aming masuri ang inyong kaso.

Libreng Pangpamayanang Legal na Konsultasyon

Ligal na tulong sa pamamagitan ng telepono o ng video conferencing sa iba't-ibang wika tulad ng:

Intsik, Hapon, Koreano, Mandarin, Tagalog, Espanyol, at Vietnamese.

Mayroon ka bang ligal na mga katanungan na kinasasangkutan

- ❖ Isyu ukol sa Maliliit na negosyo at hindi pangkalakal na pang-ekonomiya
- ❖ Mga karapatan sa upa at nangungupahan
- ❖ *Mortgage at foreclosure*
- ❖ Pag-aaplay para sa Covid relief o tulong galling sa gobyerno
- ❖ Karahasan sa tahanan
- ❖ Pang-aabuso sa matatanda
- ❖ Human Trafficking
- ❖ Problema sa Imigrasyon at pag-renew ng DACA

TUMAWAG NG MARTES O BIYERNES

MULA 2:00 PM HANGGANG 5:00 PM

UPANG MAKIPAG APPOINTMENT

(415) 567-6255 (510) 251-2846

